# Balitang Manmin

BILANG 129 ABRIL 5, 2015


# Ang Lugar ng Muan Sweet Water ay Puno ng Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos

## Sa Lugar na Ito – Napatunayan na Totoo ang Biblia at ang mga Pagpapagaling, Maraming Naghahangad na Makapunta Dito




Sa loob ng labinlimang taon, naranasan ng mga miyembro ng iglesya ang maraming paggaling at pagtanggap ng mga kasagutan mula sa Muan Sweet Water. Marami pang ibang naghahangad na makaranas ng kapangyarihan ng Diyos kaya nagpupunta rin sila doon, tulad ng dating Bise Presidente ng Peru na si David Waisman at ang asawa niya; Dr. Armando Pineda, Direktor ng WCDN (World Christian Doctors Network), sangay sa Estados Unidos; Mr. Sergey Velbovets, Presidente ng ‘In Victory’, isang pangunahing Cristianong portal website para sa mga taong Ruso ang wikang ginagamit. (Kanan, Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ipinapanalangin ang pagbubukas ng Muan Sweet Water Aquarium at Muan Sweet Water Monument)

“Pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng umaga, nagpunta kami sa burol kung saan makikita ang balon. Nagpuri, nanalangin at nagpasalamat kami sa Diyos. Sinalok at tinikman namin ang tubig na lumalabas sa lupa gamit ng aming mga kamay. Sinabi ng isang miyembrong naunang tumikim, “Pastor Kim! Masarap itong inumin!” Sinabi naman ng ibang miyembrong tumikim din na hindi na ito napakapait at napakaalat. Nagyakapan kami dahil sa kagalakan! Hindi namin makakalimutan ang sandaling iyon.”

Natatandaan pa ni Pastor Myungsool Kim, nagpapastor sa Muan Manmin Church, ang mga pangyayari labinlimang taon na ang nakaraan noong Marso 5, 2000.

Noong Pebrero 1999, nailipat na ang santuwaryo ng Muan Manmin Church sa lugar nito ngayon. Ang kabuuang sukat ng iglesya ay mahigit 23,140 metro kwadrado sa isang isla ng Muan. Maraming karagdagang pasilidad at mayroon itong magandang tanawin. Gayon pa man, mayroong hindi inaasahang problema: walang tubig na pwedeng inumin.

Naghukay sila ng balon, at nakahukay naman sila ng tubig sa ilalim, pero napakaalat. Nagkabit sila ng mga tubo sa pinakamalapit na kapitbahayan na tatlong kilometro ang layo, napakahirap ng trabahong ito. Araw-araw, ipinanalangin ni Pastor Kim at ng mga miyembro ng iglesya ang tubig na pwedeng inumin. Isang araw, may bigla silang naisip na ideya.

Parang ganito ang ginawa ng Diyos noong panahon ni Moises kung saan napalitan ng tubig na naiinom ang mapait na tubig ng Mara (Exodo 15:25). Nakakita na ang mga miyembro ng hindi mabilang na mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ni Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dahil dito naniwala silang ayon sa kapangyarihan ng Diyos pwedeng mapalitan ng naiinom na tubig ang maalat na tubig.

Masigasig itong idinalangin ni Pastor Kim at ng mga miyembro. Bilang pagpapakita ng pananampalataya, binabati nila ang isa’t isa ng, “Naging naiinom na tubig na ang tubig na maalat”. Noong Pebrero 2000, anim na linggong nanalangin si Dr. Lee sa bundok panalanginan. Kasabay nito, naghandog ang mga miyembro ng halinhinang pag-aayuno at pangakong panalangin. Inihanda nito ang kanilang sisidlan para maging karapat-dapat tumanggap ng kasagutan.

Noong magsimula ang Marso, pagbalik ni Dr. Lee mula sa bundok panalanginan, idinalangin niyang muli ang tubig. At sa wakas, napalitan ito ng naiinom na tubig. Ininom nila ito, at natuklasan nila na nakakapagpagaling at nakakasagot din ng mga dalangin ito kapag nanampalataya sila. Ginamit ito ng hindi mabilang na mga miyembro sa loob at labas ng Korea (May mga patotoo tungkol dito sa pahina 4).

Noong taong 2007, sa isinagawang pagsusuri at imbestigasyon ng US Food and Drug Administration, napatunayang malinis at mahusay ito sa lahat ng aspeto, pati na sa balat ng tao. Noong Mayo 2010, nakapasa sa mga karagdagang pagsusuri ng FDA ang Muan Sweet Water, pwede na itong ipadala at ikalakal sa Estados Unidos. Noong taong 2013, inirehistro ang tatak-pangkalakal (trademark) ng Muan Sweet Water sa US Patent at Trademark Office.

Patuloy na maraming pumupuntang mga bisita mula sa loob at labas ng Korea sa lugar ng Muan Sweet Water sa Muan-gun, Jeonnam Province. Gusto nilang makita ang lugar kung saan napapatunayan na totoo ang sinasabi ng Biblia. At nakakatawag ng pansin din ang Muan Sweet Water Aquarium sa Seoul dahil magkasamang lumalangoy doon ang isdang tubig-alat at isdang tubig-tabang.

Noong Marso 5, 2015, ipinagdiwang ang ika-15 anibersaryo ng Muan Sweet Water. Sa pagdiriwang at pagsamba, inihatid ni Pastor Esther K. Chung, Pangalawang Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ at dating Presidente ng Seoul Women’s University, ang mensahe. Nagkaroon din ng pagtatanghal para luwalhatiin ang Diyos. Makikita sa nangyari sa Muan Sweet Water na kung ganap ang paniniwala ng isang tao at lubos na aasa siya sa Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay, tatanggapin niya ang lahat ng inaasahan niya.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ilabas Mo sa Ehipto ang Bayan Ko

"Halika, ikaw ay Aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang Aking bayan, ang mga anak ni Israel." (Exodo 3:10)

May pagkakapareho ang pagtitiwala ng mga Israelita sa pangako ng Diyos na makakarating sila sa Canaan sa pananampalataya ng mga anak Niya ngayon na pinanghahawakan ng mahigpit ang Langit. Nakikiusap ako sa inyo na pagdesisyunan kung anong dapat ninyong gawin sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa kasaysayan ng pagsakop ng mga Israelita sa Canaan.

Una sa lahat, saliksikin nating mabuti kung paano naitatag ang Israel at ang paglipat at pananatili nila sa Ehipto. Pag-aralan din natin kung paano naging makapangyarihang lider si Moises ng mga anak ni Israel.

### 1. Ang simula ng Israel at ang paglipat ng mga mamamayan sa Ehipto

Si Abraham ay may anak na ang pangalan ay Isaac, naging anak ni Isaac si Esau at Jacob. Bilang panganay, may karapatan si Esau na tanggapin ang pagpapala ng Diyos, pero ipinagpalit niya ito sa isang mangkok ng nilagang lentehas. Hinangad ni Jacob ang mga espiriuwal na pagpapala, pinanghawakan niya ito ng mahigpit at sapilitan. Hinubog ng Diyos si Jacob sa loob ng mahabang panahon, plano Niyang tuparin ang kalooban Niya sa mga inapo nito.

Dahil dito, nagkaroon ng bagong pangalan si Jacob, ito ay 'Israel,' at ang mga inapo niya ay tinawag na 'mga anak ni Israel', ibig sabihin, sila ay mga Israelita. Ginamit ng Diyos ang kamangha-mangha Niyang karunungan para gawing isang dakilang bansa ang pamilyang ito. Niloob ng Diyos na makarating sa Ehipto ang panlabingisang anak ni Jacob na si Jose para mailigtas ang bansa mula sa pitong-taong taggutom na umiral sa Gitnang Silangan. Sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos, pinaghandaan niya ang parating na taggutom, nailigtas ang mga taga-Ehipto.

Malaking pagpapala ang tinanggap ng Faraon mula kay Jose, mainit ang pagtanggap niya sa mga miyembro ng pamilya nito, ang mga Israelita, na dumaranas din ng taggutom sa Ehipto. Dahil dito, naging ligtas at kumportable ang buhay ng mga Israelita habang may pitong-taong taggutom. Nagparami sila sa Ehipto.

Pero nagkaroon ng problema nang mamatay ang Faraon, pinalitan ito ng bagong Faraon. Hindi niya kilala si Jose. Natakot ang Faraon na ito sa mga Israelita na mabilis dumami, nagsikap siyang mapigilan ito. Ipinag-utos pa niya na patayin ang mga bagong silang na mga Hebreong sanggol na lalaki. Ang planong ito ay para wasakin ang lahat ng Israelita. Ipinangako ng Diyos na magiging isang makapangyarihang bansa ang Israel, pero sa halip, nanganib silang malipol.

### 2. Nagpakumbaba si Moises sa kalooban ng Diyos, naging lider siya ng mga Israelita

Ipinanganak si Moises sa panahong may kalungkutan. Dahil sa utos ng Faraon, nanganib si Moises na mapatay pagkapanganak sa kanya. Pero dahil sa patnubay ng Diyos, kinuha at pinalaki siya ng prinsesang anak ng Faraon. At mas nakakamangha pa, ang tunay niyang ina ang naging tagapag-alaga niya.

Ang lahat ng ito ay nangyari ayon sa plano ng Diyos na Pinakamakapangyarihan. Iniligtas ng Diyos si Moises mula sa kamatayan at niloob Niya na mapag-aralan ang pinakamabubuti at magagaling na bagay sa palasyo ng Faraon, habang itinuturo ng nanay niya sa kanya ang tungkol sa bansa niya at pananampalataya sa Diyos.

Kahit prinsipe si Moises ng Ehipto, inalala niya ang mga kababayan na nagdurusa. Isang araw, nakita niyang binubugbog ng isang Ehipcio ang isang Hebreo, at dahil sa galit, napatay niya ang Ehipcio. Nang matuklasan ito, nagtago si Moises sa lupain ng Midian. Naging mahirap ang buhay niya sa ilang. Nawala ang mga plano niya para sa kinabukasan niya at ang inaasahan niya para sa mga kababayan niya.

Kung titingnan sa mga pangyayari, wala na siyang pwedeng gawin para tuparin ang mga plano ng Diyos. Noong prinsipe siya, mayroon siyang kapangyarihan para tulungan ang mga mamamayan ng Israel. Pero ngayon, nagtatago siya, walang kapangyarihan. Para sa kanya, wala na siyang magagawa. Anong dapat nating matutuhan dito?

Sa pagtupad ng Diyos ng kalooban Niya, hindi Niya pinili si Moises noong isang matapang na prinsipe ito ng Ehipto kundi noong naging mapagpakumbabang pastol siya sa ilang. Si Moises na mapagpakumbaba at may magandang loob ang pwedeng gamitin ng Diyos. Tinutupad ng Diyos ang kalooban Niya sa pamamagitan ng mga taong isinuko ang mga saloobin nila, tinalikuran ng lubos ang sarili, sumunod ng ganap, at tanging sa Diyos lang umasa. Gayon pa man, kailangang magkaroon ng mga pagsubok para matuto na ang Diyos lang ang dapat asahan.

May tiwala ako sa sarili ko dahil natupad ko ang lahat ng mga layunin ko noong nagdesisyon akong gawin ang mga ito. Nagtiwala ako sa abilidad at katalinuhan ko. Gusto kong maging miyembro ng kongreso dahil alam kong marami akong mabuting magagawa para sa mga kababayan ko. Pero niloob ng Diyos na lubos kong talikuran ang sarili ko, nagkasakit at naghirap ako sa loob ng pitong-taon. Natanto ko na wala akong magagawa, at wala akong sariling pag-aari, kahit buhay ko.

Pagkatapos, lumapit sa akin ang Diyos at pinagaling lahat ng karamdaman ko, tinawag Niya akong lingkod. Noong panahong iyon, wala akong pera, tiyak na hindi pwedeng magsimula ng isang iglesya. Hindi ako magaling magsalita para mangaral sa harapan ng mga tao. Hindi ako pwedeng maging pastor, mahiyain ako. Matanda na ako para pumasok sa seminaryo, malilimutin pa. Pero ang Diyos mismo ang tumawag sa akin, ginawa Niya akong makapangyarihang pastor.

Para masunod at matupad ni Moises ang kalooban ng Diyos, dapat siyang lubos na magpakababa, manatili sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Sa panahong iyon, natanto ni Moises na walang magagawa ang karunungan, abilidad, o paraan niya.

### 3. Nagpakita ang Diyos ng mga tanda para matupad ni Moises ang kalooban Niya

Nagpatuloy ang mga pag-uusig at pang-aalipin sa mga Israelita sa Ehipto habang dumadaan si Moises sa mga pagsubok sa ilang. Nanaghoy ang mga anak ni Israel dahil sa pagkaalipin, at ang paghingi nila ng tulong ay nakarating sa Diyos. Nagdesisyon ang Diyos na iligtas ang mga Israelita, nagpakita Siya kay Moises. Sinabi Niya kay Moises, "…upang iyong ilabas sa Ehipto ang Aking bayan."

Nabahala si Moises. Nagpapastol lang siya ng mga hayop. Hindi palalayain ng Faraon ang mga Israelita. Malamang hindi rin susunod sa kanya ang mga kababayan niya.

Batid ng Diyos ang iniisip ni Moises. Hindi lang Niya isinugo si Moises, pinakitaan din Niya ito ng pruweba. Nang sundin ni Moises ang iniutos ng Diyos na itapon ang tungkod niya, naging ahas ito. Pero nang hawakan niya ito sa buntot, naging tungkod ulit ito. Nang ipasok at ilabas niya ang kamay niya sa kanyang balabal, naging ketongin ito, nang ulitin niya ito, bumalik ito sa normal. Nang makita niya ang mga tanda ng Diyos, humayo siya patungong Ehipto daladala ang tungkod niya, tulad ng sinabi ng Diyos.

Sa espiriuwal na diwa, ang 'tungkod' ay tumutukoy sa pananampalataya. Kung ang mga tao na may mahinang mga binti ay umaasa sa tungkod, magagawa natin kahit na anong bagay na imposibleng gawin sa sariling lakas kapag mananampalataya tayo sa Diyos na Pinakamakapangyarihan. Batid ni Moises ang mga kapintasan at kakulangan niya, natatakot siya at nahihiya, pero dahil nanampalataya siya sa Diyos, sinimulan niya ang mapanganib na paglalakbay.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ipinadala ng Diyos si Moises at pinalaya ang mga anak ni Israel mula sa Ehipto. Magmula noon, sa bawat panahon, nagpapadala Siya ng mga lingkod Niya para maglitas ng mga mamamayan Niya.

Kahit ngayon, kapag tinatakpan ng kadiliman ang mundo, nais Niyang palayain ang mga mamamayan Niya sa pamamagitan ng lingkod Niyang masunurin sa Kanya. Gusto Niyang magpatotoo ang lingkod na ito tungkol sa Kanya, ipakita ang kapangyarihan Niya, iligtas ang mga tao mula sa mundong ito na maitutulad sa Ehipto, at dalhin sa Lupain ng Canaan, ang kaharian ng langit, ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot.

Kaya nakikiusap ako sa inyo na buwagin ang makalaman na mga saloobin at mga pagbabaka-sakali ninyo, sundin ninyo ng lubos ang Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na dahil sa pagsunod ninyo, makakapasok nawa kayo sa Canaan, ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot. At sa katapusan, makapasok sa pinakamagandang tirahan sa Langit, ang Bagong Jerusalem!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ano Ang Makalaman na Saloobin?

## May galit sa Diyos ang makalaman na saloobin

Ang utak ng isang tao ay may mga 'cells' na bumubuo o nagtatatag ng 'alaala' o 'isipan'. Pwede nitong lamanan, taniman, at pukawing muli ang 'kaalaman'. Ang pagpukaw muli ng itinanim na 'kaalaman' ay tinatawag na 'pag-iisip'. Ang alaala, kaalamang itinanim, at ang proseso ng pagpukaw muli ng kaalamang nasa pag-iisip ay bumubuo sa 'Kaluluwa'.

Ang gawain ng kaluluwa ay nahahati sa dalawang kategorya: ang pagkilos ng 'espiritu' at ang pagkilos ng 'laman'. Tungkulin ng 'espirituwal na pag-iisip' na ilagay sa ibabaw ng 'kaluluwa' ang katotohanang naitanim sa puso. Nalulugod ang Diyos sa espirituwal na pag-iisip. Sa kabaliktaran, kumikilos ang 'makalaman na pag-iisip' para ilabas ang kasamaan ng puso sa mga ginagawa ng kaluluwa. Nagnanasa ito at nanggugulo ng kalooban. May sinasabi ang Mga Taga-Roma 8:7 tungkol dito, "…ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos."

## Mga praktikal na halimbawa ng makalaman na saloobin

### 1. Pinipigilan kayong magtiwala sa Salita ng Diyos

Ang Biblia ay Salita ng Diyos na espiritu. Ipinapaliwanag nito ang mundong espirituwal. Hindi mauunawaan ng kaalaman, mga palagay, o mga opinyon o ideya na nakukuha dito sa mundong makalaman ang maraming bahagi ng Biblia.

Ginagamit ng mga taong may makalaman na saloobin ang nalalaman nila kapag narinig nila ang tungkol sa panganganak ni Birheng Maria kay Jesus o ang paglalakad ni Jesus sa tubig. Maaaring isipin nila, "Paano siya manganganak hindi pa siya ikinakasal at nakikipagsiping?" at "Lumakad ba Siya talaga sa dagat? Baka sa mababaw na bahagi Siya naglakad." Hindi nila pinaniniwalaan ang mga ganitong bagay.

### 2. Hinihimuk kayong sumaway sa Salita ng Diyos kung hindi kayo makikinabang

Kapag tumanggap kay Jesus-Cristo ang mga tao at tanggapin ang Banal na Espiritu, nabubuksan ang espirituwal na tainga nila. Nauunawaan na nila ang Salita ng Diyos, nagkakaroon sila ng pananampalataya sa Salita. Kahit naniniwala sila, kung minsan, sumusuway pa rin sila sa Salita ng Diyos lalo na kung hindi sila makikinabang.

Halimbawa, sinasabi ng Biblia, "ang pinakadakila sa inyo ang magiging lingkod ninyo." Sinasabi rin nito sa atin na hanapin ang makakabuti sa kapwa. Pero, baka isipin nila, "Kung paglilingkuran ko sila, baka bumaba ang tingin nila sa akin," at "Hindi ba malaki ang mawawala sa akin kung uunahin ko ang makakabuti sa ibang tao?" Kung ganito silang mag-isip, hindi nila susundin ang Salita.


Iniisip ng mga tao na kung maglilingkod sila malaki ang mawawala sa kanila. Pero may garantiya ang Diyos sa Salita Niya. Kapag naglingkod tayo sa ibang tao at nagpakumbaba na may pagtitiwala sa Diyos, pagpapalain Niya tayo. Igagalang tayo ng ibang tao at mamumuno tayo sa kanila. Gayon pa man, hindi tayo makakasunod sa Salita ng Diyos kung makalaman ang saloobin natin, dahil dito hindi natin tatamasahin ang mga biyayang mumula sa Kanya.

### 3. Nililimitahan nito ang posibilidad na maranasan ninyo ang kapangyarihan ng Diyos

Nasaksihan natin ang paggaling ng maraming tao mula sa kanilang mga karamdaman at pagtanggap ng mga kasagutan sa mga dalangin. Gayon pa man, kung may makalaman na saloobin tayo, hindi sapat ang pananampalataya natin na malulutas sa pananalangin ang problema natin. Kahit tumanggap tayo ng panalangin, wala tayong espirituwal na pananampalataya. Hindi nito maiipakita ang kapangyarihan ng Diyos.

Ipagpalagay nating may salugsog kayo sa daliri, hindi ninyo maalis ito. Iisipin ng iba sa inyo, "Hindi ito karamdamang walang lunas, bakit hindi ito ipatanggal sa ospital? Simpleng panggagamot lang ang kailangan dito." Gayon pa man, kung espiriuwal ang saloobin ninyo – "Kapag ipinakita ng Diyos na Manlilikha ang kapangyarihan Niya, kayang-kaya Niyang tanggalin ito." Malulugod ang Diyos, kikilos Siya ayon sa paniniwala ninyo.

Gaya ng ibinigay na halimbawa, may mga pagkakataon na magpapakita kayo ng pananampalataya pero kung minsan, hindi, baka ni hindi ninyo maisipan na ipakita ito. Sa pakikinig ng maraming patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos, mabubuwag natin ang makalaman na saloobin. Kaya huwag nating limitahan ang pagkilos ng Diyos. Dapat mayroon tayong espirituwal na saloobin. Isipin nating, 'Ang lahat ng ito ay malulutas ng Diyos.' Walang imposible.



Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:7, "Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos; sapagkat hindi ito napapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari." Bakit pagkapoot at laban sa Diyos ang kaisipan ng laman o 'makalamang saloobin'?

Ito ay sapagkat pinipigilan ng makalamang saloobin ang mga tao sa espirituwal na pananampalataya na kinalulugdan ng Diyos. Pinipigilan din nito ang mga kasagutan at mga biyaya. Balakid din ito sa pagiging espirituwal.

Pag-aralan natin kung ano ang makalaman na saloobin. Tingnan natin kung mayroon tayo nito.



### 4. Nagdadala ito ng negatibong saloobin baka magtiwala kayo sa sarili ninyo

Kung may nagawa kayong pagkakamali, nagkasala, o may nakitang kapintasan, malulungkot kayo sa harapan ng Diyos, sasama ang kalooban. Sa ganitong pagkakataon, magpapasalamat sa Diyos ang mga taong may espirituwal na saloobin, 'Salamat sa iyo, o Diyos, nakita ko ang mga kapintasan ko'. Magpapalakas sila ng loob, 'Hindi na ako uulit. Magbabago ako para malugod ang Diyos.'

Sa kabaliktaran, kung may makalaman na saloobin ang isang tao, iisipin niya, 'Marami akong kakulangan. Hindi ako pwedeng mahalin ng Diyos.' O kaya, 'Nagsikap akong hindi magkasala, pero nagkasala akong muli. Hindi ko mapigilan.' Nanghihina tuloy ang kalooban nila, hindi sila nananalangin, hindi nila ginagawa ang tungkulin nila, hindi na sila dumadalo sa mga pagpupulong na dapat nilang daluhan.

Gayon pa man, mas nagsisikap magbago ang mga taong may espirituwal na saloobin. Mas nagiging negatibo naman ang pag-iisip ng mga taong may makalaman na saloobin. Nanghihina ang kalooban nila at sa bandang huli, sumusuko na sila.

## Para magkaroon ng espirituwal na saloobin na nais ng Diyos

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 8:5-6, "Sapagkat ang mga ayon sa laman ay nagtutuon ng kanilang isipan sa mga bagay ng laman; subalit ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga bagay ng Espiritu. Sapagkat ang kaisipan ng laman ay kamatayan; subalit ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan."

Kahit pagsikapan nating mag-isip ng mga bagay ng Espiritu, kung may kasalanan sa puso natin, hindi natin mapipigilan na magkaroon ng makalaman na saloobin, nagdadala ito sa atin sa kamatayan. Samakatwid, suriin natin palagi ang mga puso natin, iwaksi ang mga kasalanan, sundin ang katotohanan, at mag-isip ng mga bagay na espirituwal.

Nasa 1 Kay Timoteo 4:5 ang paraan, sinasabi, "Sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at panalangin." Pag-aralan natin ng buong pagsisikap ang Salita ng Diyos, manalangin tayo ng maalab, at lubos na talikuran ang mga masasamang bagay. Kung gagawin natin ito, magkakaroon tayo ng espirituwal na saloobin na magbibigay sa atin ng buhay at kapayapaan, at sa bandang huli, tatanggapin natin ang mga kasagutan at mga biyayang inihanda ng Diyos.

# "Tinanggap Ko ang Minimithi ng Puso Ko Dahil sa Kapangyarihan ng Muan Sweet Water"

Nasa Muan Sweet Water ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Gumaling sa karamdaman ang maraming tao, pati ang mga hayop at mga halaman. Basahin natin ang 10 sa napakaraming patotoo tungkol dito.



## Mula sa labas ng Korea



### "Pagkatapos ng sampung taong paghihintay, nabiyayaan din ako ng pagbubuntis"

**Muskrat Asif,** New Apostolic Church, Pakistan

Nababagabag ako dahil sa loob ng sampung taon wala pa rin akong anak. Maraming paraan na ang sinubukan naming mag-asawa, pero walang nangyari. Samantala, nabalitaan ko ang tungkol sa Muan Sweet Water at ang mga natupad na kahilingan doon. Natitiyak ko na maglilihi at magkakaanak ako kung iinumin ko ito nang may pananampalataya. Ininom ko ito, at nanalangin. Sa wakas, nagbuntis ako at nagkaanak ng isang malusog na lalaki. Malaking pagpapala ito.



### "Gumaling ang sakit sa balat ng anak kong lalaki"

**Dr. Daniel Fuentes Acosta,** Gynecologist & Obstetrician, Mexico


Mula noong ipanganak, maysakit na sa balat ang anak kong si Daniel, apektado ang mga braso at binti niya. Nabalitaan ko ang tungkol sa Muan Sweet Water ng makilala ko ang mga nagmimisyong grupo ng WCDN (World Christian Doctors Network) mula sa South Korea. Sinabi nila na kung iinumin o ipapahid sa katawan ng isang tao ang Muan Sweet Water nang may pananampalataya, makakaranas siya ng banal na paggaling. Ipinahid ko ito, kamangha-mangha, gumaling si Daniel nung linggong iyon.



### "Gumaling ang reflux gastritis at frostbite ko, luminaw ang mga mata ko"

**Miyako Shimodora,** Iida Manmin Church, Japan

Dahil sa pag-inom ko ng Muan Sweet Water nawala ang pananakit na naramdaman ko dahil sa reflux gastritis. Nagdusa din ako sa frostbite mula pa noong nakaraang pag-ulan ng yelo, apektado ang sampung daliri ko sa paa. Nagdudugo ang mga ito, hindi ako makapaglakad. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit at inumin ang Muan Sweet Water, gumaling ako, Bumuti din ang paningin ko. Tinanggalan ng katarata ang mata ko limang taon na ang nakaraan. Sa halip na patakan ng gamot ang mga mata ko, Muan Sweet Water ang ginagamit ko. Luminaw ang paningin ko, mula 0.6-1.5.



### "Gumaling ang nabaling collarbone"

**Benjamin Deburei,** France

Nabali ang collarbone ko habang naglalaro ako ng soccer kasama ang mga kaibigan at kapamilya ko. Napakasakit nito, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit na nasa website ng Manmin Central Church (www.manmin.org/foreign/main_fr.asp). Uminom din ako ng Muan Sweet Water, ipinahid ko ito sa nabaling buto. Biglang nawala ang pananakit! Naigagalaw ko na ang balikat ko. Nakakamangha!



### "Nabuhay ang guya na malapit nang mamamatay dahil sa hirap ng pagluwal"

**Jaya Mary,** Chennai Manmin Church, India

Nanganak ang isang baka sa lugar namin, nahirapan ito. Sa kalagitnaan ng pagluwal, huminto ang guya. Noon ko lang naranasan ito, walang doktor ng hayop na pwedeng tawagin. Nag-alala ako, sinabi ng mga tao sa paligid na mamamatay ito. Bigla kong naalala ang Muan Sweet Water na binili ko sa iglesya. Ibinuhos ko ito sa baka. Ligtas niyang ipinanganak ang guya. Hallelujah!

## Sa Korea



### "Gumaling ang gulugod at almuranas ko"

**Diakono Taejin Heo,** Parokya 1

May almuranas ako noon na halos kasing laki ng hinliliit ng kamay ko. Pero nang maglublob ako sa Muan Sweet Water, gumaling ako. Noong Hulyo 2014, nasuri na may pamamaga at naka-usli ang isang buto (vertebrae) sa gulugod ko. Bumalik ako sa lugar ng Muan Sweet Water at naglublob muli sa tubig nang may pananampalataya. Pitong beses kong ginawa ito tulad ng ginawa ni Naaman na nakasulat sa Biblia. Magmula noon wala na akong naging problema sa buhay ko.



### "Mabilis gumaling ang mga napasong bahagi"

**Punong Diakonesa Sunja Park,** Parokya 14


Natapunan ko ng napakainit na sopas ang mga hita at tuhod ko habang nagluluto. Binuhusan ko ng Muan Sweet Water ang mga napasong bahagi, nawala ang pananakit. Pero dahil pinayuhan ako ng mga kasamahan kong lagyan ito ng yelo, ginawa ko naman. Sumakit ito ulit. Kaya, binuhusan ko ulit ito ng Muan Sweet Water, nawala ang pananakit, malamig na ang pakiramdam. Mabilis ang paggaling ko, walang peklat.



### "Hindi na ako nag-alala sa nalalagas na buhok"

**Diakonesa Mija Ju,** Parokya 7


Babae ako, pero pinagdusahan ko ang paglalagas ng buhok ko sa bandang noo. Nag-alala ako tungkol dito. Ibinalita sa akin ng isang kakilala ang tungkol sa Muan Sweet Water. Sinabi niya na ipahid ko ito sa ulo ko. Ginawa ko ito, kahit saan ako naroroon, sa iglesya, sa bahay, may pananampalataya at panalangin na tutubong muli ang buhok ko. Pagkaraan ng anim na buwan, nakita kong tumubo na ang bagong buhok sa noo ko. Ngayon, kapag nagsasalamin ako, masayang-masaya na ako.



### "Hindi na ako singkit, kahit hindi inoperahan ang mga mata ko"

**Diakonesa Eunmi Kim,** Parokya 1

Noong bago pa lang akong mananampalataya, ibinahagi sa akin ng kaibigan ko ang personal na patotoo niya. Sinabi niya na noong tanggapin niya ang panalangin sa altar ng Punong Pastor Dr. Lee para sa mga maysakit pagkatapos ng mensahe nito, nawala ang pagkasingkit ng mga mata niya, matagal na niyang gusto ito. Tinanggap ko rin ang panalangin ng Punong Pastor, hinahangad na magkaroon ng mas magandang mga mata. Dahil sa panalangin, nawala ang pagkasingkit ng isang mata. Pinahiran ko ng Muan Sweet Water ang kabilang mata, nawala din ang pagkasingkit nito. Hallelujah!



### "Nalutas ang problema ng pamilya ko dahil sa Muan Sweet Water"

**Kapatid Byeol Kim,** Misyon para sa Kabataan

May kalyo ako sa talampakan. Malaki ito, nahirapan akong magsapatos at lumakad. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor na naka-record sa Automated Response System (822-830-5320). Nilublob ko rin ang paa ko sa Muan Sweet Water. Lumambot ang kalyo, lubos itong gumaling! Gumaling din ang kuliti ng kapatid kong babae at ang malalang eksema ng nanay ko. Winisikan din ng lola ko ang nalalantang puno ng persimmon, naging sariwa ulit ito at nabuhay.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714